

PROLOGUE

San Diego

Pasko nang araw na iyon, pero hindi para kay Harry Bolt.

Ang buong lungsod ay puspos ng Christmas fever. Hindi ka makakalakad sa kahit saan sa siyudad nang hindi nakakarinig ng mga pamaskong awit at hindi nakakasalubong ng mga matatandang may pekeng balbas at pulang suit at nanghihingi ng pera para sa mga mahihirap—mahihirap na mga taga-Africa, mahihirap na biktima ng lindol, mahihirap na illegal aliens.

Pero siyempre, walang nakaisip na tumulong sa mahihirap na naroon lang sa sarili nilang lugar. Magtatatakbo ang mga iyon kung makikita kung saan nakatira si Harry Bolt kasama ang nanay niya, ang adik nitong nobyo para sa buwang iyon, at ang kanyang bunsong kapatid na si Christine.

Walang Christmas lights sa daan pababa sa baryo. Walang Christmas tree sa tinitirhan nila, walang mga dekorasyon, walang mga regalo. Ni walang pagkain o gatas kaya.

Pero at least kakain si Crissy ngayon. Naghalungkat si Harry sa basurahan sa likod ng tatlong kainan sa linya ng mga restaurants at nakakita siya ng pritong manok, mashed potatoes, turkey breast, at mga limang hiwa ng cake.

Napadaan din siya sa isang tindahan ng laruan at nagnakaw ng isang *Barbie*. Tumunog ang alarm sa pinto pero mabilis si Harry. Parati siyang mabilis tumakas at hindi pa siya nahuli kahit minsan.

Napangiti siya, iniisip na ibibigay niya kay Crissy ang laruan. Kailangang pigilan ng kapatid ang tuwa nito para hindi maistorbo ang nanay nila at si Gago. Kahit pa nga kapag bangag ito at ang nanay nila—na parang dumalas nitong nakakaraan—wala nang pakialam ang mga ito sa kahit ano.

Iyong huling pagkakataon na napansin sila ng lover ng nanay niya, nakita ni Harry na tinayuan ang lalaki nang makitaan ng panloob si Crissy. Pero ang kutsilyo na itinututok niya sa dibdib nito at ang maliwanag na babala—*Subukan mong kantiin ang kapatid ko sa kahit anong paraan, kakatayin kita't ipapakain sa aso*—ay nagpaatras dito. Nang sumunod na araw, nagnakaw siya ng anim na pares ng pambatang pantalon para kay Crissy at hindi na ito nagpalda pa uli.

Umalis na ang gago na iyon at ang kasalukuyan—si Rod—ang pumalit dito. Hindi mahilig sa mga batang babae ang isang ito, hindi sa kahit anong paraan, pero gusto nitong nambubugbog ng tao.

Gabi na nang marating ni Harry ang bahay nila. Wala siyang pamasahé para makasakay ng bus, kaya naglalakad lang siya kahit saan papunta. Bumaba siya sa inaamag na hagdanan at itinulak pabukas ang may bitak nang kahoy na pinto.

May kumpleto at ganap na katahimikan sa bahay. Pangit na balita iyon. Ibig sabihin lang niyon, kung hindi iniwan ng nanay niya at ni Gago ang isang limang taong gulang nang mag-isa sa bahay na may sirang kandado sa pinakamasamang komunidad sa mundo, malamang bangag ang mga ito. Ulit.

Bangag nga, iyon ang nakita ni Harry habang sinasara ang umuugang pinto sa kanyang likuran.

Nakaupo ang nanay niya sa sirang sofa, ang ulo ay nakapiling sa isang gilid, tulala sa kawalan. Shit. Saan kaya ito nakakuha ng perang pinambili ng droga?

Lahat ng ilaw ay nakapatay. Ang tanging liwanag na nakikita niya ay iyong nasa ilalim ng pinto ng kuwarto nila ni Crissy.

Tunog ng binabalasang baraha ang narinig niya mula sa sulok kung saan naroon ang mesa. Naroon si Rod, umiinom ng beer. Ni hindi ito lumingon nang dumaaan siya.

Bumukas ang pinto ng kanilang kuwarto. May malabong bombilya sa silid at kumalat ang liwanag hanggang sa sala.

“Hawwy!” Tumaginting ang excited na boses ni Crissy. Tumakbo ito palapit at niyakap ang mga hita niya, habang nakangisi sa kanya. “Bumalik ka! Mewwy Chwistmas!” Maliit ito para sa edad na lima, ang buhok ay mas light ang pagka-blond sa kanya, pero parehong light brown ang kanilang mga mata.

Itinaas nito ang maliliit na braso, iyon ang palagi nilang

laro. “Buhat, Hawwy!”

Kinarga niya ang kapatid; dala ito sa isang braso, habang mahigpit na kipkip ang mga plastic bag sa kabila. Sing-bigat lang ng balahibo si Crissy.

Tumangkad na si Harry at ngayon ay lumalaki na ang katawan. Ngayon, nag-iingat na si Gago sa mga kilos nito kapag naroon siya.

“Harry,” tawag ng isang malalim na boses mula sa sulok. “Ano ’yang dala mo?”

Tumalon ang puso niya. Malabo ang pagsasalita ni Gago, naniningkit ang mga mata at wala sa focus ang tingin. Mas bangag pa ito kaysa sa karaniwan. Masama iyon. Ang nanay niya ay natutulog lang kapag bangag sa droga, si Gago ay mas nagiging masama.

Iniiikot ni Harry ang mga dala sa likuran, marahang ibinaba iyon sa sahig. Maiksi lang ang attention span ni Gago. Kung hindi nito makikita ang bag, malilimutan din nito ang tungkol doon. “Wala,” sabi niya. “Chichirya lang na napulot ko.”

Lalong itinuon ni Gago ang atensyon sa kanya at kumalampag na ang puso ni Harry. Malamig ang mga mata ng lalaki, parang hindi sa tao, kagaya ng mata ng mababangis na aso na tumatakbo sa bahagi nila ng bayan. Kapag ganoon ang ekspresyon nito, mabilis na kasunod niyon ang kaguluhan.

Paulit-ulit na bumakas-sara ang malaki at malamang mga kamao ni Gago. Isa pa iyong masamang senyales. Naghihintay lang ito ng dahilan para magwala, maging bayolente. At kahit bata, malakas at mabilis si Harry, halos dalawang daang kilo ang bigat ni Gago at kapag ganoong bangag, wala itong pakiramdam malamang. Para itong isang bayolenteng robot.

Huwag nang banggiting hindi makakatakbo nang mabilis si Harry kapag ganoong bitbit niya si Crissy, at hinding-hindi niya iiwan ang kapatid nang ganoon lang.

May masamang pangyayaring paparating. Naroon iyon sa ere. Ginawa ni Harry ang tanging posibleng bagay na kaya niyang gawin, ang pareho ring ginawa niya sa mababangis na aso. Tumitig siya sa sahig bilang pagsuko at nanahimik. Ang isang bagay na ayaw na ayaw ni Gago ay iyong tinatawag nitong ‘mabungangang’ bata.

Tahimik lang si Crissy. Karaniwang hindi ito tumitigil sa pagsasalita, pero sa maiksi nitong buhay, natutunan na ng kapatid niya kung sino ang mapanganib. Siya ang palatandaan nito. Kapag tahimik si Harry, tatahimik din ang batang babae. Sa limang taon sa mundo, marami na itong nakitang kabulastugan mula sa gago na ito, sa gago bago ito at iyong si Gago bago pa iyon.

Tumakip ang kamay ni Harry sa likod ni Crissy. Kahit pa tahimik ito, nakasandal ang ulo sa balikat niya para kumuha ng ginhawa, ramdam niya ang mabilis na tibok ng maliit nitong puso, ang pagsikdo niyon dahil sa kaba. Natatakot ang paslit.

Limang taong gulang lang ito at takot na takot.

Habang nakatitig pa rin sa sahig, marahang pinulot niya ang mga bag, mabagal na umatras, at gaya noong kaharap niya ang grupo ng mababangis na aso, epektibo iyon. Tahimik siyang pumasok sa silid nila at isinara ang pinto.

Naghintay siya, nakikinig. Tahimik sa kabilang bahagi ng pinto.

Nakabaon pa rin ang ulo ni Crissy sa balikat niya. “Hawwy?” bulong nito. “Okay na ba?”

“Okay na, Sweetie.” Nagpaskil siya ng ngiti sa mukha at tinapik ang balikat ng nakababatang kapatid, hiniling sa ika-isang bilyong beses na sana ay sa ibang pamilya ipinanganak si Crissy. Isang pamilya na magmamahal dito, imbis na palakihin sa impiyernong ito, kung saan si Harry lang ang nakapagitan dito at sa pagkamatay sa bugbog. O mas masama pa.

Matagal siyang nakinig, pero tahimik na si Gago at ang nanay niya. Sa ngayon. Kadalasan, nag-aaway ang dalawa o kaya ay nagtatalik; minsan sabay.

Mayroon siyang isang bag ng mga plastik na plato at tinidor na napulot niya mula sa basurahan na itinatago niya sa aparador. Inilabas niya iyon at ipinatong sa kama. Pinanood siya ni Crissy, malalaki ang mga mata, subo ang hinlalaki.

Well, kahit sila ni Crissy may karapatan din para sa isang

bagay na papasa na para sa araw ng Pasko.

Hinati niya sa mga piraso ang turkey breast sa plato ng kapatid, kumutsara ng mashed potatoes at inilapit iyon dito. Gutom na ito, alam niya, dahil walang makakaisip na pakainin ang bata buong araw. Gayunpaman, hinintay nitong mamamnan ang kanyang plato at hawak na niya ang tinidor.

“Kain na, Crissy,” sabi niya at sumunod ito. Pero pagkatapos lang nitong makita na nagsisimula na siya.

Nakakatawa iyon. Inignora ng kanyang ina si Crissy buong buhay ng bata. Ipapalaglag sana nito ang sanggol kaso huli na nang malaman nito ang tungkol sa pagbubuntis, at walang doktor na pumayag isagawa ang aborsyon. Kay Harry napunta ang responsibilidad ng pagpapalaki kay Crissy, kahit pa wala siyang alam tungkol doon at siya man ay marahas din. Kaya kahit ginawa na niya ang pinaka kaya niya para panatilihin itong busog at hindi nanlalamig at medyo malinis kahit paano, sigurado siyang wala siyang nagawa para matuto ito ng mabuting asal.

Pero para bang ipinanganak si Crissy sa isang palasyo sa malayong kaharian. Wala ni isang nagturo rito kung paano kumain. Natutunan nito iyon mag-isa, habang pinapanood si Harry. Kung paanong para siyang lobo kumain, mahinhing kumain ang bata, hindi nagkakalat. Isa itong maliit na prinsesang napasama sa mga halimaw.

Maayos nitong ibinaba ang tinidor at ngumiti sa kanya.

Iniunat ni Harry ang isang braso at naghalungkat sa bag, humila ng isang kahon. Siyempre wala iyong pambalot, pero hindi iyon mahalaga sa kapatid niya.

“Eto, Kulit,” sabi niya, inabot ang kahon. “Merry Christmas.”

Nagliwanag ang mukha ni Crissy. Ang tangi nitong manyika ay iyong mukhang basahan na wala nang isang braso. Pero gustung-gusto iyon ng kapatid niya at ilang oras na ligalig dahil doon. Ang isang bagong *Barbie*—ah, nasa langit ng mga manyika si Crissy!

“Oh, Hawwy! Bawbie!” tili nito. Sinubukan niya itong patahimikin, pero huli na.

Bumukas ang pinto ng kanilang kuwarto, tumama sa dingding at naroon nakatayo si Gago, ang ulo ay halos nakadikit na sa taas ng pintuan.

Gumewang ito, itinaas ang isang kamay para ipirmi ang sarili. Humapay-hapay ang ulo nito habang sinusubukang mag-focus, at naisip ni Harry, *Patay na, masama ito.*

Sa wakas tumuon si Rod kay Harry, na naitago na si Crissy sa likuran. Nakakapit ang bata sa likod ng mga hita niya, napakatahimik na ngayon. Hindi ito gumagawa ng kahit anong tunog kapag ganito ang mood ng lalaki. Ang huli ay malalim ang paghinga, nagngangalit na.

“Ano’ng tinatago ng sutil na ’yan?” Pumauna ang ulo ni Rod,

parang torong manunugod. “Hmm? Ano’ng hawak ng p*tang ina?”

Gumewang pasulong ang lalaki at humakbang si Harry patungo sa harapan nito. Ramdam niyang nakasunod si Crissy sa kanya, nakahawak sa maong niya.

“Wala. Wala siyang kahit ano. Pabayaang mo na siya.”

Itinaas ni Rod ang paningin, mas mukhang isang panggabing nilalang kaysa tao. Doce lang si Harry, pero alam niyang nakatingin siya nang harapan sa kasamaan.

Yumuko ang lalaki at pinigilan niyang mapapiksi dahil sa amoy ng hininga nito. Sa ganito kalapit, amoy rin niya ang pawis at grasa at ang kabaliwan. Nakakatakot ang amoy na iyon.

“Ano’yung tinatago ng p*tang ina?” sigaw ni Rod, sinuntok si Harry sa dibdib. Napahakbang siya paatras pero hindi bumagsak.

Isang galaw sa kanan niya. Yumuko siya. Isang maliit na kamay ang nag-aabot ng manyika. Parang pinilipit ang puso ni Harry. Isinasakripisyo ni Crissy ang *Barbie* nito sa halimaw para iligtas ang nakakatanda nitong kapatid.

Sinubukan niyang itulak ang kamay pabalik pero huli na.

Nagkaroon ng marahas na liwanag ang mga mata ni Rod. Inagaw nito ang manyika. Mukha iyong pagkaliit-liit at magarbo sa malaki nitong kamay.

Tiningnan iyon ng lalaki sa paraang gagawin ng isang unggoy. Halos nakikita na ni Harry ang usok na tumataas sa baliw na utak ni Rod habang unti-unti itong napopoot.

Inalog nito ang manyika sa mukha ni Harry. “Saang impiyerno ka nakahanap ng perang pinambili mo nito? May itinatago ka na sa akin?”

Tumaas ang boses nito sa bawat salita hanggang sa halos umaalulong na ito. Tumaas ang mga balahibo ni Harry sa leeg.

Umatras ang halimaw, hawak pa rin ang manyika. Sumuray ito, gumewang-gewang hanggang sa nahanap muli ang balanse.

“May pera ka rito! Alam ko ’yun!” atungal ni Gago at tinanggal ang ulo ng *Barbie*, pagkatapos ang dalawang braso at hita. Sinubukan nitong ipasok ang malaking daliri sa mga butas at nang hindi iyon magawa, hinagis nito ang laruan palayo.

Umikot ang tingin nito sa silid, naningkit nang mamataan ang baseball bat ni Harry. Inabot nito iyon, ilang beses sinubukang ipalo iyon sa kaliwang palad.

Mabagal na umatras si Harry, tumatambol ang puso.

Humakbang si Gago pasulong, binigyan ng unday ang hangin gamit ang bat.

“Ano pa ang tinatago mo sa akin, lintek ka? Pupusta ako, marami ka pang gamit—hindi ka kasing-tanga ng pinakikita mo. Sigurado ako, napakaraming bagay ang itinatago mo sa akin!”

Ang huli ay sinabi sa isang atungal, tumalikod at inihampas ang bat sa parihabang kahoy na nagsisilbing mesa ni Harry.

Napulbos iyon nang walang oras at nagliparan ang alikabok sa kuwarto. Sinundot ni Gago ang mga natira gamit ang dulo ng bat.

“Wala rito,” ungol nito at inihampas ang bat sa malaking kahon kung saan itinatago nina Harry at Crissy ang kakaunti nilang mga gamit. Sumabog ang kahon, kumalat ang mga pantalon, pangginaw, maliliit na kamiseta at sapatos.

Bumaling ang baliw sa kanya. Bago inilipat ang tingin kay Crissy saka ibinalik uli sa kanya. Ngumiti ito.

“Alam ko kung ano makakapagpakanta sa ’yo. Titirahin ko ’yang sutil na ’yan at siguradong magsasalita ka.” Bigla at mapanira, inihampas nito ang bat sa dingding, gumawa ng butas sa gumuguhong semento.

“Gusto mo ’yun?” sigaw nito. “Ano kaya’ng magiging hitsura ng ulo ng sutil na ’yan, ah? Parang p*tang pakwan lang na nahulog sa sahig. Ngayon, sabihin mo kung s’an mo tinatago ang mga gamit mo! *Ngayon! Ngayon! Ngayon!*”

Sumisigaw ito, pinapalo nang malakas ang bat sa ere, mabagal na lumalakad palapit. Umatras si Harry, muntik nang madapa dahil kay Crissy na nakayakap pa rin sa kanyang hita. Ramdam niya ang marahas nitong pangangatog. Hindi niya sinubukang buhatin ito, hindi sinubukang pansinin ang presensya

nito. Tila nalimutan ni Gago ang tungkol sa kapatid niya sa loob nang ilang saglit at gusto ni Harry na manatili iyong ganoon.

“Ano ang tinatago mo, bata?” Isa pang malaking butas ang nagawa nito sa dingding dahil sa pagpalo ng bat. “Sabihin mo sa ‘kin ngayon!” Isa pang hampas na muntik nang tumama kay Harry.

“Rod?” Nakatayo ang nanay niya sa tapat ng pintuan, humahapay. “Ano’ng gulo ‘yan?”

Huminto ang halimaw, mabagal na umikot. Ngumiti ito, inilabas ang nabubulok na mga ngipin. “Yung buwisit mong anak. May tinatago siya sa akin, at gusto ko iyon. May pera siyang tinatago kung saan, para lang sa sarili niya. Pa’no naman tayo? Ang mga pangangailangan natin? Ang batang sutil lang ang iniintindi niya.”

Sinubukan ng nanay niya na intindihin iyon sa kabila ng ulap sa ulo nito. “Harry?” mabagal nitong untag. Tiningnan nito ang palibot ng silid. “May itinatago? Ano? Saan?”

Tila namaga sa poot ang halimaw at lumapit sa nanay niya.

“Ikaw p*ta ka, siguro kakampi ka niya. Nagsabwatan kayong tatlo, ninanakawan ako at itinatago ang dapat ay sa *akin!*” Tumaas ang boses ni Gago sa isang sigaw. “Akala n’yong tatlo mas magaling kayo kaysa sa akin! Makikita n’yo!”

Kumunot-noo ang nanay ni Harry. “Uy, Rod, hindi kailangang—”

“At ikaw ang pinakamalala, p*ta ka!” atungal ng lalaki, at hinampas ang bat derecho sa ulo ng babae.

Malakas ang tunog ng pagkabiya sa silid at namaluktot ang nanay ni Harry sa sahig, ang makinang na pula ay nagmantsa sa mahaba at blond na buhok. Nakahiga ito nang tahimik, nabuo ang isang maliit na lawa ng dugo sa palibot ng ulo.

“Gago ka!” Napuno ang ulo ni Harry ng poot. “Pinatay mo siya! Pinatay mo ang nanay ko!”

Sandaling natigilan si Rod, nakanganga. Tinalon ito ni Harry, lumipad ang kamao. Nakikipaglaban na siya mula pa noong limang taong gulang siya, at kahit wala siyang pagsasanay, alam niya ang ginagawa. Nagulat ito sa mga unang suntok, pagkatapos, umiling ito at sumigaw nang may matinding galit.

Sa isang kumpas, inihampas nito si Harry sa dingding. Isang segundong nawalan siya ng malay at natauhan nang sumisigaw na tirahin ng halimaw ang mga binti niya. Napasigaw siya.

Naramdaman niya ang sakit mula sa pagkabali ng kanyang mga buto, napakatindi na muntik siyang mawalan muli ng malay. Pinaglabanan niyang manatili siyang may malay, hindi pinansin ang tindi ng sakit, dahil dumerecho si Rod at ngayon ay palapit na kay Crissy, sumisigaw ng mga bagay na hindi niya maintindihan.

Nakasandal ang kapatid niya sa dingding, nangangatog habang pinapanood ang paglapit ng halimaw nang may nanlalaki at takot na takot na mga mata.

Nanginig si Harry sa galit. Pinatay ni Rod ang nanay niya. Hindi puwedeng makuha rin nito si Crissy. Hindi puwede.

Sinubukan niyang tumayo pero bumagsak siya dahil sa nagliliyab na sakit. Walang ibang paraan—parehong mga binti niya ay may tama, ang pantalon ay basa na sa dugo. May isang bahagi ng buto niya na lumabas mula sa laman ng kaliwang hita niya, tumutusok sa kanyang maong. Kumahig ang mga kamay niya para humanap sa kanyang tanging pag-asa habang si Crissy ay umiiwas palayo sa malaki at mabalahibong kamay ni Rod na may hawak na bat.

Sa ilalim ng kutson ay ang telepono ni Gago, na ginagamit nito para gumawa ng deals. Ninakaw niya iyon ilang araw na ang nakakaraan. May instinct na nagsabi sa kanya na kakailanganin niya iyon para tumawag ng tulong.

Sumisigaw na si Rod, wala nang kontrol sa sarili, dinadaluhong si Crissy na panay ang kawala mula sa pagkakahawak nito. Nanginginig ang mga kamay, kumakapa sa takot, pinindot ni Harry ang 9-1-1 at mabilis na ibinigay ang address. Maririnig sa background ang mga sigaw ni Rod.

“Bilisan n’yo,” bulong niya. Mawawalan na siya ng malay dahil sa sakit at kinailangan niyang itim ang mga ngipin para hindi iyon mangyari.

Naabot na ng malaking kamay ni Rod si Crissy sa braso at muntik nang masuka si Harry nang marinig ang matalim na tunog

ng pagkabali ng maliit nitong buto.

“Hawwy!” tili ni Crissy, sinalubong ng takot na takot nitong mga mata ang sa kanya at hinila niya ang sarili para makalapit dito nang mabilis sa abot ng kanyang makakaya.

Pero hindi siya ganoon kabilis.

Pinulot ni Rod si Crissy na para bang *Barbie* lang ito na hawak nito kanina at hinagis sa dingding. Nagkalat ang dugo, habang namaluktot ang maliit na katawan sa sahit.

“*P*tang ina ka!*” sigaw ni Harry, naabot ng kamay ang bat na naihulog ni Rod. Buong lakas niya iyong inihampas sa tuhod ni Gago at narinig niya ang matalim na pagsabog ng buto nito roon.

Bumagsak si Rod na parang pinatumbang toro at nilapitan ito ni Harry, hinampas ng bat ang ulo nito nang ilang ulit hanggang sa isang maskara na lamang ng pulang laman ang mukha ng lalaki at wala nang pagkakapareho sa mukha ng tao.

Humihingal, tinapon ni Harry ang bat palayo at hinila ang sarili palapit kay Crissy, hindi pinansin ang nagliliyab na sakit dahil sa pagkiskis niya sa sahit. Niyakap niya ang maliit at malambot na katawan, kipkip iyon sa sarili, hinahagod ang malambot na buhok.

Tumangis siya, ang tunog ay pumuno sa kuwarto.

Sa malayo, tumutunog ang mga sirena, ang huling bagay na narinig niya bago siya sinakop ng kadiliman.